CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

PAHAYAG SA PRESS

Mayo 12, 2021
Kontak: Pinagsamang Center ng Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Release

Nagsimula nang Magbakuna ang Long Beach ng Mga Residenteng 12 Taong Gulang, Pataas

Long Beach, CA - Inaasahan ng Long Beach na magsisimula ang pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga 12 taong gulang at pataas sa Huwebes, Mayo 13. Inawtorisahan ng Food and Drug Administration (FDA) ang emergency na paggamit ng bakunang Pfizer para sa kabataang may edad na 12 hanggang 15 sa Mayo 10, 2021, na sinundan ng mga pag-apruba mula sa Advisory Committee on Immunization Practices (ACIP) at ng Center for Disease Control (CDC) ngayon, Mayo 12. Magaganap din ang pagsusuri ngayong araw mula sa Western States Scientific Safety Review Workgroup. Pinaplano ng kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ang Mayo 13 bilang inaasahang petsa ng simula ng huling pag-apruba.

“Isa itong malaking milestone sa ating pagsisikap na ganap na mapabakunahan ang lahat laban sa COVID-19,” sabi ni Alkalde Robert Garcia. “Sa pamamagitan ng pagpapabakuna, pinoprotektahan ng mga batang ito hindi lang ang kanilang mga sarili kundi pati ang mga taong nasa paligid nila.”

Maaaring magpabakuna ang mga 12 taong gulang at pataas na gustong magpabakuna, nang walang appointment, sa mga sumusunod na lugar ng pagpapabakunang pinatatakbo ng Lungsod:

- Ang clinic para sa maramihang pagpapabakuna ng Lungsod sa Convention Center ng Long Beach ay mula 11 a.m. hanggang 5 p.m., tuwing Lunes, Martes, Miyerkules at Biyernes; 11 a.m. hanggang 6 p.m. tuwing Huwebes at 10 a.m. hanggang 3 p.m tuwing Sabado.
    - Available ang parehong drive-through at walk-up na opsyon.
- Cabrillo High School (2001 Santa Fe Ave.), mula 10 a.m. hanggang 1 p.m. tuwing Sabado
- Tucker Middle School (2221 Argonne Ave.), mula 2:30 p.m. hangang 4:30 p.m. tuwing Miyerkules

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Nangangailangan ng pahintulot ng magulang ang kabataang may edad na 12 hanggang 17 para makatanggap ng bakuna laban sa COVID-19. Available ang form ng pahintulot online.

Habang Pfizer lang ang available para sa mga mas bata sa 18 taong gulang, inaalok ang lahat ng bakuna (Janssen, Moderna, at Pfizer) sa site ng Convention Center. Maaari ring gumawa ng appointment ang lahat ng karapat-dapat na tao online sa pamamagitan ng My Turn, ang sistema ng pag-aabiso at appointment sa COVID-19 o sa pamamagitan ng pagtawag sa 833.422.4255. Inaasahang bibigyang-daan ng My Turn ang online na appointment para sa mga 12 hanggang 15 taong gulang bukas.

Nakatuon ang Lungsod ng Long Beach na makamit ang pagbabakuna ng pinakamarami hangga't maaari. Ngayong linggo, inilunsad ng Lungsod ang isang programa ng insentibo sa pagbabakuna - kasama ang Aquarium of the Pacific, na nagbibigay ng mga tiket sa aquarium sa mga tao pagkatanggap nila ng kanilang unang dosis ng bakuna. Ngayong buwan, nakipag-partner ang Pinagsamang Distrito ng Paaralan ng Long Beach para mag-host ng mga clinic ng bakuna sa mga campus. Dagdag ito sa clinic para sa maramihang pagpapabakuna sa Convention Center ng Long Beach na nilunsad noong Enero; ang maliliit na clinic na nakabase sa komunidad para magbakuna ng mga taong nasa mga kapitbahayang pinaka naapektuhan ng virus na nagsimula noong Pebrero; at ang dalawang mobile na sasakyan para magturok ng bakuna sa mga residenteng hindi makalabas ng bahay at mga indibidwal sa mga kapitbahayang may pinakamataas na bilang ng kaso ng coronavirus para mabawasan ang epekto ng COVID-19, na nagsimula noong Marso.

Pinapaalalahanan ang lahat ng residente, pati na ang mga nakatanggap ng bakunang laban sa COVID-19, na magpatuloy sa pagsasagawa ng lahat ng protocol sa kalusugan at kaligtasan, kabilang na ang pagsusuot ng takip sa mukha, pagpapanatili ng tamang pisikal na distansya mula sa iba at pag-sanitize nang madalas sa mga lugar na madalas na mahawakan.

Hanggang Mayo 11, may 53,145 kaso ng COVID-19 sa Long Beach at 933 ang namatay mula sa virus. Higit sa 320,000 bakuna na ang nabakuna, kabilang na ang 181,091 unang dosis at 139,601 pangalawang dosis. Libre ang lahat ng bakunang inilalapat at direkta itong inilaan ng pederal na gobyerno.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin ang longbeach.gov/COVID19 at i-follow ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###